

D2 TAYO! (Defend Dignity) sa RIGHTS Agenda

HINAHAMON NG mga organisasyong nag-tataguyod ng Karapatang Pantao ang mga tumatakbo sa pagkapangulo, gayundin ang lahat ng mga kumakandidato sa eleksiyon sa May 2010, na pakinggan ang sigaw ng mamayan para sa karapatan, kapayapaan at hustisya.

Ang 10-point adyenda sa Karapatang Pantao para sa 2010 ng mamayan ay itutulak at babantayan ng Human Rights Community at mga organisasyon ng mamamayan sa buong panahon ng panunungkulan ng sinumang mahahalal sa pamahalaan.

GAWING SALALAYAN AT BALANGKAS ANG KARAPATANG PANTAO SA MGA PANUKALANG BATAS

Put Human Rights in Philippine Laws

- Itigil ang represyon, iligal na pag-aaresto, tortyur, sapilitang pagkawala at extra judicial killings.
- Prayoridad at sapat na pondo sa mga serbisyong panlipunan tulad ng kalusugan, pabahay, edukasyon at pagkain. Ibasura ang Presidential Decree 1177 o awtomatikong paglalaan ng malaking bahagi ng national budget sa pagbabayad ng utang.
- Karapatan ng mga bata at kababaihan laban sa pang-aabuso, diskriminasyon, korapsyon, pagsasamantala, at karahasan. Ipasa ng Reproductive Health Bill at batas laban sa diskriminasyon.
- Pawalang bisa ang Philippine Mining Act of 1995 at pagtibayin ang Alternative Mining Bill.



Photos: JM VILLERO

- Agarang pagpirma at pagratipika sa Optional Protocol sa International Covenant on Economic, Social, and Cultural Rights (ICESCR).

IPATUPAD ANG MGA KARAPATANG PANTAO SA MGA PLANO AT PAGPAPATUPAD NG MGA PROYEKTONG PANGKAULANRAN

Human Rights in Development

- Maka-kalikasan, maka-karapatang pantaong pag-unlad.
- Proyektong may respeto sa karapatan ng mga katutubong Pilipino at mga Moro, lalo na ang kanilang karapatan sa sariling pagpapasya at karapatan sa lupaing ninuno.



GAWING PUNDASYON NG KAPAYAPAAN ANG MGA KARAPATANG PANTAO


Human Rights in Peace

- Sinserong pagtataguyod ng prosesong pangkapayapaan at paggalang sa mga karapatang pantao ng magkakabanggang panig.
- Maayos na rehabilitasyon at sapat na pagkain, pabahay at patubig sa mga naaapektuhan ng labanan ng mga rebelde at pwersa ng gobyerno.

GAWING PAMANTAYAN ANG MGA KARAPATANG PANTAO SA PAMAMAHALA

Human Rights in Governance

- Reporma sa pamamahala at sandatahang lakas para sa pagtatanggol sa mga karapatang pantao.
- Karapatan ng mga manggagawa, karapatan sa disentang hanap-buhay, sapat at makatarungang pasahod at katiyakan sa



trabaho. Pagsugpo sa lumalalang kontraktwal-isasyon at pagwasak sa mga unyon.

- Pagsusumite ng mga ulat sa tamang panahon at pagtugon sa mga payo o obserbasyon ng mga kinatawan at komite sa karapatang pantao ng United Nations (UN).

PARA SA PANIBAGONG PAMUMUNO, ITAGUYOD AT IPAGTANGGOL ANG KARAPATANG PANTAO!

Ang Rights Agenda na ito ay binuo at isinusulong ng mga miyembro ng Philippine Alliance of Human Rights Advocates (PAHRA).